# NALULUMBAY

**Dahil nagdusa si Cristo sa Pagbabayad-sala para sa akin, hindi ko kailangang tiisin ang anumang pagsubok nang mag-isa.**

**Job 1:21–22:** Pinagdusahan ni Job ang napakahihirap na bagay, kabilang na ang pagkamatay ng kanyang mga anak. Nakatiis siya sa pamamagitan ng pag-asa sa Panginoon. Kapag bumaling ako sa Panginoon sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanya, malalaman ko na hindi ako lubos na nag-iisa dahil Siya ay kasama ko.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Lucas 22:39–44
Juan 16:32
Doktrina at mga Tipan 121:9–10
Doktrina at mga Tipan 121:46



# NASASAKTAN

**Anumang sakit na nadarama ko ay mapapagaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, at ang Kanyang pagmamahal ay magbibigay-inspirasyon sa akin na patawarin ang iba.**

**1 Nephi 7:6–21:** Iginapos nina Laman at Lemuel si Nephi at tinakot na iiwanan siya sa ilang. Nanalangin si Nephi, at sa tulong ng Panginoon, nakalaya siya at pinatawad niya ang kanyang mga kapatid. Maaari din akong manalangin, makaramdam ng kapayapaan, and magkaroon ng lakas na magpatawad.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Mga Awit 147:3
Isaias 53:3–5
Lucas 23:1–47
1 Nephi 19:9



# NANGHIHINA

**Ang awa at biyaya ni Cristo ay magbibigay sa akin ng lakas na malampasan ang mga hamon kahit nanghihina ako.**

**Alma 2:27–31:** Noong nasa digmaan ang mga Nephita, bumaling sila sa Panginoon at pinalakas Niya sila. Sa pagharap ko sa lahat ng uri ng pag-atakeng espirituwal at emosyonal, maaari akong manghina, ngunit palalakasin ako ng Panginoon.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Mateo 7:24–27
Mosias 9:17–18
Helaman 5:12
Eter 12:27

